# LEARNING ACTIVITY SHEET
## QUARTER 3
# ARALING PANLIPUNAN



Name: ______________________________________________

**Learning Activity Sheets**
**ARALING PANLIPUNAN 1**
**Third Quarter**

**Panuto:** Basahin at unawain ang bawat tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot.

______________1. Alin sa sumusunod ang naglalarawan ng isang paaralan?
A. klinika, kusina, silid-aralan
B. silid-aralan, silid-aklatan, kantina
C. silid-aklatan, silid-aralan, silid-tulugan

____________2. Siya ay isa sa mga taong bumubuo sa paaralan. Siya ang pinuno at nangangasiwa sa paaralan, sino siya?
A. Prinsipal o Punong-guro
B. Guwardiya o Security Guard
C. Tagapayo o Guidance Counselor

____________3. Alin sa sumusunod ang tumutukoy sa alituntunin sa paaralan?
A. Magpaalam sa guro tuwing lalabas.
B. Pagsunod sa utos ng mga magulang.
C. Pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng tahanan.

____________4. Alin sa mga sumusunod ang nagsasabi ng epekto sa sarili at sa mga kaklase kung hindi susunod sa mga alituntuning pampaaralan?
A. Makapag-aaral nang mabuti.
B. Walang matutunan sa paaralan.
C. Magkakaroon ng maraming kaibigan.

_____________5. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang nagsasabi ng TOTOO tungkol sa kahalagahan ng pag-aaral?
A. Hindi nalilinang ang ating mga kakayahan.
B. Matututo tayong mag-isip at maging malikhain.
C. Hindi nakatutulong sa pag-unlad ng ating pamumuhay.

LIVEWORKSHEETS

_____________6. Alin sa mga sumusunod ang nagsasabi ng TOTOO tungkol sa maaring maging epekto ng pag-aaral isang tao?
A. Makahahanap siya ng mas magandang trabaho.
B. Maliit ang pag-asa na mapaunlad ang kanyang buhay.
C. Mas mahihirapan siyang matupad ang kanyang mga pangarap.

_____________7. Alin sa mga sumusunod ang nagsasabi ng TOTOO tungkol sa maaring maging epekto ng taong hindi nakapag-aral?
A. Magiging maganda ang kanyang kinabukasan.
B. Malaki ang pag-asa na mapaunlad ang kanyang buhay.
C. Maaaring hindi lubos na malinang ang kanyang talino at kakayahan.

_____________8. Pumapasok nang maaga si Noli sa paaralan upang hindi mahuli sa klase. Alin sa mga sumusunod na alituntunin sa paaralan ang kanyang ginagawa?
A. Pagpasok ng nasa takdang oras.
B. Pagsusuot ng wastong uniporme.
C. Pagkikipagtulungan sa pagpapanatili ng kalinisan ng paaralan.


_____________9. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng alituntunin sa pagsunod sa mga ipinagagawa ng guro?
A. Natutulog sa klase.
B. Nakipagkuwentuhan sa kaklase.
C. Gumawa ng mga takdang-aralin.


_____________10. Alin sa mga sumusunod ang nagsasabi at nagpapakita ng kahalagahan ng isang paaralan sa buhay ng isang bata?
A. Sa paaralan ay may maraming mag-aaral na makakalaro.
B. Sa paaralan maraming pagkaing mabibili sa kantin.
C. Sa paaralan mapapaunlad ang ating angking kakayahan at kaalaman.


_____________11. Sa iyong palagay, ano ang maaaring maging epekto sa isang mag-aaral kung maingay ang kapaligiran ng paaralan?
A. Maging maayos ang pag-aaral ng mga bata.
B. Hindi makapag-aaral nang mabuti ang mga bata.
C. Magiging mabilis at makabuluhan ang pagkatuto ng mga bata.

LIVEWORKSHEETS

_________ 12. Alin sa mga larawan ang nagpapakita ng alituntunin sa pagkikipagtulungan sa pagpapanatili ng kalinisan ng paaralan?

A. 

B. 

C. 

_________ 13. Inatasan si Mara na ipakita ang pagbabago sa kanilang paaralan sa isang malikhaing pamamaraan sa pamamagitan ng pagguhit gamit ang lapis at papel.  Alin sa mga sumusunod ang kanyang iginuhit?

A. 

B. 

C. 

_________ 14. Alin sa mga larawan ang gawain ang **HINDI** nagpapakita ng pagpapahalaga sa sariling paaralan?

A. 

B. 

C. 

LIVEWORKSHEETS

Basahin ang sanaysay at sagutin ang tanong sa ibaba.

Kasama sa mga alituntunin sa paaralan ang makinig nang mabuti sa guro at makilahok sa mga gawain sa loob ng paaralan. Magkaklase ang matalik na magkaibigang sina Celso at Manolito. Tahimik na nakikinig sa guro si Manolito habang si Celso naman ay masayang nakikilahok sa mga gawain sa paaralan. Nang nagbigay ng pagsusulit ang kanilang guro ay parehong mataas ang nakuha nilang iskor.

____________15. Paano mo paghahambingin ang ginawa ni Manolito at Celso sa pagsunod sa mga alituntuning pampaaralan?
A. Pareho silang nakakuha nang mataas na marka.
B. Iba-iba ang naging epekto nito para kina Celso at Manolito
C. Hindi nakatutulong sa mga mag-aaral ang pagsunod sa mga alituntunin.


____________16. Bakit mahalaga ang paaralan sa ating buhay?
A. Dahil dito tayo pumapasok.
B. Dahil dito tayo ay nakapaglalaro.
C. Dahil dito hinuhubog ang ating kaalaman, kasanayan at pag-uugali.


____________17. Sa iyong palagay, bakit kaya mahalaga ang pagtupad sa mga alitntuinin ng paaralan?
A. Upang hindi mapagalitan ng guro.
B. Upang maging sikat sa mga kamag-aral.
C. Upang mapanatili ang kaayusan at katahimikan sa paaralan.

____________18. Ang mga sumusunod ay nagsasabi ng epekto sa sarili at sa mga kaklase tungkol sa pagsunod sa mga alituntunin ng paaralan, alin ang HINDI?
A. Nakasasama sa pag-aaral sa sarili at sa mga kaklase.
B. Nakatutulong upang tayo ay makapag-aral nang mabuti.
C. Napapanatili ang mabuting samahan sa pagitan ng mga mag-aaral.

LIVEWORKSHEETS

_____________19. Alin sa mga larawan ang nagpapakita ng kuwento tungkol sa isang araw na karanasan sa paaralan?

A.



B.


C.


_____________20. Kung ikaw ay guguhit ng isang larawan upang ipakita ang kahalagahan ng paaralan para sa sarili, alin sa sumusunod ang iguguhit mo?

A.


B.


C.


_____________21. Siya ay responsable para sa pagbibigay at paghahatid ng mga kaalaman at kasanayan sa mga mag-aaral, sino siya?

A. guro B. librarian C. nars

_____________22. Isa siya sa mga taong bumubuo sa paaralan. Tungkulin niyang panatilihing malinis ang paaralan, sino siya?

A. dyanitor B. guwardiya C. Sekretarya

LIVEWORKSHEETS

Basahin ang mga pangungusap sa loob ng kahon.

| |
|---|
| Hindi marunong bumasa si Mila. |
| Hindi marunong sumulat si Ron. |
| Hindi marunong magkuwenta at magbilang si Lito. |
| Hindi lubos na nalilinang ang kakayahan at katalinuhan ni Myra. |


_______________23. Ano ang ipinahihiwatig nito?


A. Ito ay nagpapakita ng kwento tungkol sa mga batang nag-aral nang mabuti.

B. Ito ay nagpapakita ng kwento tungkol sa mga batang masisipag mag-aral.

C. Ito ay nagpapakita ng kwento tungkol sa mga batang hindi nag-aaral nang mabuti.

_______________24. Tingnan ang mga larawan sa kahon. Ano ang angkop na paglalarawan ng kuwento nito sa pagdaan ng panahon?







A. Ipinapakita nito ang dalawang larawan ng paaralan.

B. Ipinapakita nito ang pagbabago ng pangalan at l okasyon ng paaralan.

C. Ipinapakita nito ang pagbabago ng laki at bilang ng mga mag-aaral ng paaralan.

_______________25. Tingnan ang larawan sa kahon. Ano ang ipinahihiwatig nito?




LIVEWORKSHEETS

A. Ito ay nagsasabi ng batayang impormasyon tungkol sa komunidad.
B. Ito ay nagsasabi ng batayang impormasyon tungkol sa sariling tahanan.
C. Ito ay nagsasabi ng batayang impormasyon tungkol sa sariling paaralan.

_______________26. Alin sa mga batayang impormasyon ang nagsasabi ng lokasyon ng paaralan?
A. Hunyo 13, 1963
B. Paaralang Daniel Fajardo
C. Barangay Daniel Fajardo Lungsod ng Las Piñas

_______________27. Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Paano mo ihambing ang larawan ng paaralan noon at ngayon?




Noon



Ngayon

A. Magkakatulad ang kagamitan ng pagtuturo noon at ngayon.
B. Walang pagbabago sa larawan ng paaralan noon at ngayon.
C. Nagkakaroon ng pagbabago sa kagamitan ng pagtuturo noon at ngayon.

______________28. Tingnan ang mga larawan na nagpapakita ng mga alituntunin sa paaralan. Ano ang maaaring mangyari kung may mga alituntuning ipinapatupad sa paaralan?








A. Mapapanatili ang kalinisan, kaayusan, at kaligtasan sa paaralan.
B. Hindi makabubuti sa kalinisan, kaayusan, at kaligtasan sa paaralan.
C. Makapagdudulot ng hindi mabuting samahan sa pagitan ng mga mag-aaral

LIVEWORKSHEETS

_______________29. Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Ano ang maaaring mangyari sa buhay ng mga mag-aaral kung sinusunod nito ang mga alituntunin sa paaralan?




A. Makasisira ito sa kalayaan ng mga mag-aaral.
B. Hindi makapag-aral nang mabuti ang mga mag-aaral.
C. Mahuhubog sa tamang asal at pag-uugali ang mga mag-aaral.

_______________30. Tingnan ang mga larawan. Paano ipinapakita ang mabilis na pagbabago sa paaaaral?



A. Sa pamamagitan ng paglalarawan sa malinis na papel.
B. Sa pamamagitan ng pagguhit gamit ang lapis at papel.
C. Sa pamamagitan ng pagguhit at paglalarawan gamit ang computer.

LIVEWORKSHEETS